Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Disyembre 23, 2025
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Pinagmulta ng Distrito ng Hangin ang Martinez Refining Company at ipinag-atas sa kanila ang higit na transparency ng data sa pagsubaybay sa hangin

Mga kinakailangan para makamit ang mas malawak na access ng publiko sa data sa polusyon sa hangin

SAN FRANCISCO – Pinagmulta ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang Martinez Refining Company, o MRC, at inatasan ang MRC na higit na pahusayin ang transparency para sa data sa pagsubaybay sa hangin para sa mga pollutant sa hangin sa paligid ng planta nito sa Martinez.

Inaatasan ng Panuntunan sa Pagsubaybay ng mga Emisyon sa Planta ng Distrito ng Hangin (Regulasyon 12, Panuntunan 15) ang mga planta sa Bay Area na magpatakbo ng mga sistema para sa pagsubaybay ng hangin sa kani-kanilang fenceline, na sumusukat sa mga konsentransyon ng pollutant na malapit sa kanilang mga ari-arian. Noong Oktubre 2023, hindi inaprubahan ng Distrito ng Hangin ang Mga Plano sa Pagsubaybay sa Hangin sa Fenceline ng lahat ng limang planta sa Bay Area dahil hindi nakatugon ang mga plano sa mga iniaatas ng panuntunan.

“Ang pagsunod sa Panuntunan sa Pagsubaybay ng mga Emisyon sa Planta ng Distrito ng Hangin ay hindi opsyonal, ito ay mahalaga,” sabi ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ang mga planta tulad ng MRC ay dapat magpatakbo at magpanatili ng mga pagsubaybay sa fenceline, magbigay ng real-time at nakaraang data, at magsumite ng pag-uulat para matiyak ang transparency at pananagutan.” Ang mga pag-aatas na ito ay mahalaga para sa pagprotekta sa pampublikong kalusugan at pagpapanumbalik ng tiwala sa mga komunidad na pinasan ang problema sa polusyon mula sa planta.”

Kasunod ng hindi pag-apruba sa mga plano, ang Distrito ng Hangin ay nakipagtulungan sa bawat isa sa mga planta para mapasunod ang mga ito. Ang MRC ang ikatlong refinery sa Bay Area na nalutas ang hindi pagsunod sa mga regulasyon sa pagsubaybay sa hangin sa fenceline. Ang Valero at Phillips 66 ang dalawang natitirang planta na hindi nakakasunod sa mga regulasyon, at patuloy na nagsisikap ang Distrito ng Hangin na malutas ang mga kasong iyon.

Ang aksiyon sa pagpapatupad ng Distrito ng Hangin ay nag-aatas sa MRC na:

- Ipatupad ang naaprubahang Plano sa Pagsubaybay sa Hangin sa Fenceline, kabilang ang mas malinaw na mga kinakailangan para sa pagpapatakbo, pagmementina, at pagtatasa sa paggana ng mga kagamitan sa pagsubaybay para sa lahat ng pollutant para magkaroon ng higit na pananagutan at transparency,
- Magbigay ng pampublikong access sa real-time at nakaraang data na madaling mada-download,
- Magbigay ng mga quarterly na ulat na nagbubuod sa sinukat na mga konsentrasyon ng pollutant at nagdedetalye ng mga resulta ng katiyakan sa kalidad at mga pagsusuri sa pagkontrol sa kalidad, at
- Magbayad sa Distrito ng Hangin ng multang $20,000, na may mga karagdagang multa para matiyak ang agarang pananagutan kung lalabag ang MRC sa anumang tuntunin sa kasunduan.

Titiyakin ng Distrito ng Hangin na tutuparin ng MRC ang mga obligasyon nito, habang patuloy na nakikipag-ugnayan sa lokal na komunidad para matiyak na ang mga residente ay may malinaw at napapanahong impormasyon.

Patuloy na pinapabuti ng Distrito ng Hangin ang mga programa sa pagsukat ng emisyon at kalidad ng hangin habang nagbabago ang mga pangangailangan sa teknolohiya at data sa kalidad ng hangin, partikular para sa mga komunidad na lubhang apektado ng polusyon sa hangin. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa sa pagsubaybay sa hangin sa fenceline, bumisita sa https://bit.ly/3M2ObXN.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na may responsibilidad sa pagprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

###

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases